DepEd ADVISORY No. **91**, s. 2013
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
February 5. 2013

2013 PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa ipagdiriwang sa taong ito sa ika-225ng kaarawan ni Balagtas na may temang *Balagtas 225: Diwa ng Talinghaga, Talinghaga ng Diwa, Diwa at Talinghaga*. Ito ay alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 964 na nagtatagubilin ng taunang pagdiriwang sa kaarawan ni Francisco "Balagtas" Baltazar tuwing sasapit ang Abril 2 at nagtatagubilin sa pangangailangan na maglunsad at magsagawa ng mga pambansang programa at gawaing angkop sa kaniyang karangalan.

Bilang bahagi ng pagdiriwang na ito, ang KWF ay magtataguyod ng Timpalak sa Pagsulat ng Tula (Talaang Ginto 2013) na ang magwawagi ng Unang Gantimpala ay tatanghaling *Makata ng Taon*.

Ang layunin ng Pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

1. ganap na maipatupad ang Proklamasyon Blg. 964 ng Pangulo ng Pilipinas;
2. mahikayat ang mamamayang Pilipino na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang kultural at sibiko;
3. maganyak ang mamamayang Pilipino na pahalagahan ang kultura at sining ng bansa sa pamamagitan ng Araw ni Balagtas; at
4. maganyak ang mga manunulat – batikan man o bagong sibol – na sumali sa Talaang Ginto, ang mayamang bukal na panulaang Pilipino.

Bukas sa mga mag-aaral ang paglahok sa timpalak na ito.

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa:

Sangay ng Impormasyon at Publikasyon
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/F Watson Bldg., 1610 JP Laurel
Malacañan Palace Complex
San Miguel, 1005 Manila
Telepono Blg.: (02) 736-2519
Website Address: kwf.gov.ph/komfil.gov@gmail.com

Madel: Araw ni Balagtas
00132 - February 1, 2013